PROTECTING IMMIGRANT FAMILIES

NAWALA ANG MGA BENEPISYO? NARITO ANG DAPAT GAWIN

Oktubre 2026

Maaaring nakatanggap ka ng abiso na nagsasaad na matatapos na ang ilang partikular na benepisyo para sa iyo o sa mga miyembro ng iyong pamilya. Binago ng isang batas noong 2025 kung sino ang kwalipikado para sa mga programang tulad ng SNAP, Medicaid, CHIP, at ang marketplace ng mga benepisyong pangkalusugan, at nagsisimula nang ipatupad ngayon ang ilan sa mga pagbabagong ito. Tingnan sa ibaba para sa karagdagang impormasyon at mga paraan para makakuha ng tulong.

SURIIN KUNG MAY MGA PAGKAKAMALI

- Nakakalito ang mga pagbabagong ito, at maaaring magkamali ang mga estado. Kung sinabihan ka na matatapos na ang iyong mga benepisyo, tiyaking suriing muli kung hindi ito pagkakamali. Maaari kang makipag-usap sa isang mapagkakatiwalaang lokal na grupo sa komunidad para sa tulong.

- Kung may iba't ibang katayuan sa imigrasyon ang mga miyembro ng pamilya, maaari pa ring maging kwalipikado ang ilang tao sa iyong pamilya para sa mga programang tulad ng SNAP, Medicaid, CHIP, o coverage sa kalusugan. Makipag-usap sa isang mapagkakatiwalaang grupo sa komunidad para matiyak na hindi sinasadyang mawawalan ng mga benepisyo ang mga kwalipikadong miyembro ng pamilya.

ALAMIN ANG MGA PAGBABAGO SA MGA PROGRAMA NG PAMPUBLIKONG BENEPISYO

- Dahil sa isang batas noong 2025, tanging ang mga taong may partikular na katayuan sa imigrasyon ang makakakuha ng tulong mula sa SNAP, Medicaid, CHIP, at mga kredito sa buwis sa insurance sa kalusugan:
    - Mga Mamamayan ng Estados Unidos
    - Mga Legal na Permanenteng Residente (mga may hawak ng green card) nang higit sa 5 taon
    - Mga Pumasok mula sa Cuba / Haiti
    - Mga Migrante ng COFA

- Hindi na kailangang maghintay ng 5 taon ang ilang may hawak ng green card para maging kwalipikado sa mga programa. Tingnan ang likurang bahagi ng pahinang ito para sa mga detalye.

- Ang *hindi* nagbago ay ang sinumang wala sa mga kategoryang ito na nasa ilalim ng ilang partikular na antas ng kita ay maaari pa ring gumamit ng Medicaid pang-emergency kung kinakailangan.

HUMINGI NG PAGSUSURI

- Kung sa tingin mo ay nagkamali ang estado, hindi mo kailangang tanggapin ang desisyon. May karapatan kang hilingin sa kanila na suriin muli ang iyong aplikasyon.
    - Maaaring kailanganin mong magbigay muli ng patunay ng iyong katayuan sa imigrasyon, lalo na kung nagbago ito kamakailan.

- Hindi ka nag-iisa. Makipag-ugnayan sa isang mapagkakatiwalaang grupo sa komunidad para sa tulong sa pamamagitan ng paghingi ng pagsusuri.

- Maghanap ng libreng legal na tulong sa Legal Aid para iapela ang pagtatapos ng iyong mga benepisyo sa https://www.lawhelp.org/.

SAAN MAKAKUKUHA NG TULONG

- Kahit na hindi ka na kwalipikado para sa mga programa ng pamahalaan, makakatulong pa rin ang ibang mga programa ng komunidad sa pangangalagang pangkalusugan at pagkain. Magtanong sa isang lokal na grupo para sa mga opsyon.

- Maghanap ng mga lokal na grupo sa komunidad para sa pagkain at pangangalagang medikal:
    - Mga food bank: https://foodfinder.us/
    - Mga sentrong pangkalusugan ng komunidad: https://findahealthcenter.hrsa.gov/

Ang mga taong may ilang partikular na katayuan na nakakakuha ng kanilang mga green card ay hindi kailangang maghintay ng 5 taon bago maging kwalipikado para sa mga programa ng pampublikong benepisyo

- Mga Refugee
- Mga taong nabigyan ng asylum
- Mga May Hawak ng U Visa
- Mga May Hawak ng T Visa
- Mga pumasok na may kondisyon
- Mga taong pinagkalooban ng proteksiyon laban sa deportasyon / pagpapaalis sa bansa
- Mga taong pinagkalooban ng parol ng Departamento ng Seguridad ng Bansa (Department of Homeland Security, DHS) ng U.S. sa loob ng hindi bababa sa isang taon

Mas Maraming Tao ang Saklaw ng mga Programa ng Estado

Maaari pa ring magpatala sa Medicaid o CHIP ang ilang bata at mga buntis na imigrante sa 39 na estado at DC. Hanapin ang iyong estado: https://bit.ly/ICHIAAccess

Sino	Anong Programa	Mga Karagdagang Kwalipikadong Katayuan
Mga Batang Imigrante	Medicaid o CHIP	• Mga Refugee • Mga Asylee • DACA • TPS • SIJ • Mga Visa ng T at U • At higit pa, depende sa estado
Mga Buntis na Imigrante	Pangangalaga sa CHIP bago manganak at pagkatapos manganak	• Mga Refugee • Mga Asylee • DACA • TPS • SIJ • Mga Visa ng T at U • At higit pa, depende sa estado

Nag-aalala ka ba kung paano protektahan ang impormasyon ng iyong pamilya sa mga aplikasyon para sa mga pampublikong benepisyo? Maghanap ng karagdagang impormasyon dito:

Nag-aalala ka ba kung ang paggamit ng mga pampublikong programa ay maaaring makapinsala sa iyong katayuan sa imigrasyon o maituturing na isang "Umaasa sa Tulong ng Pamahalaan o Public Charge"? Maghanap ng karagdagang impormasyon dito:

Emergency Medicaid: Hindi nagbago ang pagiging kwalipikado para sa Emergency Medicaid. Lahat ng nasa ilalim ng ilang partikular na antas ng kita ay kwalipikado para sa coverage na pang-emergency, anuman ang katayuan sa imigrasyon.